Pampublikong Pandaigdigang Asosasyon sa Lungsod ng Kawasaki

# KIAN Kumusta Kawasaki

Ingles･Intsik･Koreya/Tsosen･Espanyol･Portugis･Tagalog
Biyetnamis･Taylandes･Indonesiya･Nepales･Madaling Hapon

Matatagpuan sa samahan ng HP (https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html)

〒211-0033　2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken


Tel:044-435-7000　Fax:044-435-7010　https://www.kian.or.jp/ E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp

*******************************************************************************

## Masaya at kapaki-pakinabang na kurso sa wikang Hapon para sa mga Dayuhan

･Mga aralin sa kaunting pangkat　･May Aspetong pag-aaralan ang kultura ng Hapon at ang pag-iwas sa sakuna.

### Umagang Kurso　Tuwing　Martes･Biyernes　9:50～11:50



| | | | |
|---|---|---|---|
| Unang Semestre | Abril 13 (Martes)～ Hulyo 2（Biyernes） | （22 Beses） | ￥12,100 |
| Ika-2 Semestre | Setyembre 14 (Martes)～Disyembre 3（Biyernes） | （22 Beses） | ￥12,100 |
| Ika-3 Semestre | Enero 11, 2022 (Martes)～ Marso 11 (Biyernes) | （17 Beses） | ￥9,350 |

※May paalaga sa bata（1 taon pataas･Libre）　　※May kabayaran sa mga araling aklat

### Gabing Kurso　Tuwing　Miyerkoles　18:30～20:30



| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 Semestre | Abril 14～ Hulyo 7（Miyerkoles） | （12 Beses） | ￥6,600 |
| 2 Semestre | Setyembre 1～Disyembre 15（Miyerkoles） | （15 Beses） | ￥8,250 |
| 3 Semestre | Enero 12, 2022～Marso 16（Miyerkoles） | （9 Beses） | ￥4,950 |

※**Walang Paalaga**　　※May kabayaran sa mga araling aklat

**Lugar**: Asosasyong Pandaigdigang Pakikipagpalitan sa Lungsod ng kawasaki

**Matatawagan**：Para sa karagdagang kaalaman,makipag-ugnayan lamang

Telepono: 044-435-7000　　e-mail address：kiankawasaki@kian.or.jp

※Maaaring magbago ang talakdaan(schedule). Mangyaring kumpirmahin muna sa pagpapatala.

*******************************************************************************

## Mga Tanawing Lugar ng bulaklak ng Seresa (Sakura) sa Kawasaki

**Ang pinakamagandang pagkakataong makita ang mga bulaklak ng" Seresa "o Sakura sa taong ito ay mula huli ng Marso hanggang unang bahagi ng Abril.**

Maraming mga parke at berdeng mga puwang na may iba't ibang mga atraksyon sa syudad ng Kawasaki. Alinsunod sa nakaraang taon, narito ang ilang mga lugar kung saan ang Sakura/ Seresa ay kahanga-hanga.

<u>Nikaryo Irigasyon（Tama-ku • JR Nambusen mula estasyon ng「Shukugawara」2 min. Lakad</u>

Mahigit 300 taon na makasaysayang kanal ng patubig na itinayo noong panahon ng Edo. Humigit-kumulang sa 400 na mga puno ng seresa ang namumulaklak sa daanan ng patubig nang halos 2 km.

<u>Asao-gawa (Mga 3 minutong lakad mula sa estasyon ng"Kakio" sa kagawaran ng Asao / Odakyu Line))</u>



Humigit-kumulang na 250 mga puno ng seresa ng bulaklak ang naghabi ng isang kulay-rosas na lagusan sa tabi ng ilog.



# Kapag nag-alala ka tungkol sa Covid-19・・・



◎Makipag-usap sa doktor na laging pinatitignan

◎Kung wala kang isang doktor na laging pinatitignan,

1. Ang mga may sintomas tulad ng lagnat, ubo, at namamagang lalamunan

Sa sentro ng reserbasyong medikal na paggamot para sa lagnat, atbp.

**Telepono：** 0570-048914 (Sa hindi makakonekta sa IP phone, atbp.045-285-1015)

**Tanggapan：** 9:00～21:00 (Sabado/Linggo・Kabilang ang mga piyesta opisyal)



2. Ang mga walang sintomas

Sentrong tawagan sa Lungsod ng Kawasaki para sa Covid-19

**Telepono：** 044-200-0730

**Tanggapan：** 24 Oras (Sabado/Linggo・Kabilang ang mga piyesta opisyal)

**Konsultasyon sa Iba't-ibang wika ng Ministri ng kalusugan, Paggawa at Kapakanan (Sentrong tawagan)**

**Telepono：** 0120-565653 (Libreng tawag)

**Mga Wika：** Ingles・Intsik・Koreya・Portugis・Espanyol・Taylandes・Biyetnamis

*****************************************************************************************

## Pandayuhang Konsultasyon ng Sentrong Pandaigdigan sa Kawasaki

Makipag-ugnay sa amin kung mayroon kang mga suliranin at katanungan.(LIBRE)

**★Ang oras ng konsulta ay lalawak mula Abril!**

*Oras ng Konsultasyon: Hanggang sa Marso 31, 10:00-12:00 13:00-16:00,Subalit
Simula Abril 1 9:00-17:00 (Tumutugon kahit tanghalian)

Pandaidigang Asosasyon sa lungsod ng Kawasaki Homepage

*Konsultasyong nakalaang tawagan: **tel. 044-455-8811**

| Wika | Araw | Wika | Araw |
|---|---|---|---|
| Ingles | Lunes-Sabado | Intsik | Lunes-Sabado |
| Portugis | Martes・Biyernes | Espanyol | Martes・Miyekoles |
| Koreya・Tsosen | Martes・Huwebes | Tagalog | Martes・Miyerkoles |
| Biyetnam | Martes・Biyernes | Taylandes | Lunes・Martes |
| Indonesiya | Martes・Miyerkoles | Nepalis | Martes・Sabado |

**＊Libreng konsultasyon sa Admistratibong taga-sulat(Gyoseishoshi)**

(Ang Pakunsulta ay sa wikang Hapon lamang.Sa mga hindi gaanong makapagsalita ng wikang hapon, magpareserba ng taga-saling wika,may bayad o maaari ding magsama ng marunong maghapon na kaibigan)

Petsa: Abril 18(Linggo), Mayo 16(Linggo) 14:00～16:00
Lugar: Sentrong Pandaigdigang Pakikipagpalitan sa Lungsod ng Kawasaki 2F silid pulungan